Santa Clara Family Health Plan™

# Abiso sa mga Gawi sa Pagkapribado

***Epektibo: Enero 1, 2024***

**ANG ABISONG ITO AY NAGLALARAWAN KUNG PAANO MAGAGAMIT AT MAISASAWALAT ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO MAKAKAKUHA NG ACCESS SA IMPORMASYON NA ITO. MANGYARING SURIIN ITO NANG MABUTI.**

Sa abisong ito ginamit namin ang mga terminong "kami", "tayo", at "aming" upang ilarawan ang Santa Clara Family Health Plan (SCFHP).

Ang SCFHP ay inaatasan ng mga pang-estado at pederal na batas na protektahan ang iyong impormasyong pangkalusugan. Inaatasan din namin ang lahat ng nakakontratang provider at vendor na protektahan ang iyong impormasyong pangkalusugan. Kailangan naming ibigay sa iyo ang abisong ito na nagsasabi kung paano namin maaaring gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon. Sinasabi rin nito sa iyo kung ano ang iyong mga karapatan.

### *Ang Iyong Impormasyon ay Personal at Pribado*

Kinukuha namin ang impormasyon tungkol sa iyo mula sa iyo, sa mga Pederal, pang-Estado, at lokal na ahensya habang ikaw ay nag-a-apply at pagkatapos na ikaw ay maging karapat-dapat na mag-enroll sa iyong planong pangkalusugan. Kinukuha rin namin ang medikal na impormasyon mula sa iyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, klinika, laboratoryo, at ospital upang maaprubahan namin at mabayaran ang iyong mga natanggap na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

### *Ano ang "Protektadong Impormasyong Pangkalusugan"?*

Ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan ("PHI," protected health information) ay impormasyong pangkalusugan na naglalaman ng mga pantukoy, tulad ng iyong pangalan, numero ng Social Secuirty, o iba pang impormasyon na nagsisiwalat ng kung sino ka. Halimbawa, ang iyong medikal na rekord ay PHI dahil kasama rito ang iyong pangalan at iba pang tumutukoy na impormasyon.

Sinusunod ng aming mga tauhan ang mga patakaran at pamamaraan na pumuprotekta sa iyong impormasyong pangkalusugan na ibinigay sa amin nang pasalita, nakasulat o sa elektronikong paraan. Dumaraan ang aming mga tauhan sa pagsasanay na saklaw ang mga internal na pamamaraan kung saan maaaring magamit o maisiwalat sa buong organisasyon ang pasalita, nakasulat at elektronikong PHI ng miyembro. Lahat ng aming tauhan na may access sa iyong impormasyong pangkalusugan ay sinanay sa aming patakaran sa pagkapribado at mga batas sa seguridad ng impormasyon. Ang

aming mga tauhan ay may access lamang sa kaunting impormasyon na kailangan nila para magawa ang kanilang trabaho.

Sinusunod din ng aming mga empleyado ang mga internal na gawain, patakaran at pamamaraan upang protektahan ang anumang mga pag-uusap tungkol sa iyong impormasyong pangkalusugan. Halimbawa, hindi pinapahintulutan ang mga empleyado na magsalita tungkol sa iyong impormasyon sa elevator o sa mga pasilyo. Kailangan ding protektahan ng mga empleyado ang anumang nakasulat o elektronikong dokumento na naglalaman ng iyong impormasyong pangkalusugan sa buong organisasyon.

Pinoprotektahan ng aming mga computer system ang iyong elektronikong PHi sa lahat ng oras sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang antas ng pagprotekta sa password at teknolohiya ng software. Ang mga fax machine, printer, copier, screen ng computer, istasyon sa trabaho, at portable na media disk na naglalaman ng iyong impormasyon ay maingat na babantayan mula sa iba na hindi dapat magkaroon ng access. Kailangang siguraduhin ng mga empleyado na ang PHI ng miyembro ay kinukuha mula sa mga fax machine, printer at copier at matatanggap lamang ng mga may access. Ang mga portable na media device na may PHI ay naka-encrypt at kailangang malapatan ng mga proteksyon sa password. Kailangang naka-lock ang mga screen ng computer kapag umalis sa kanilang mga mesa at opisina ang mga empleyado. Ang mga pitak at kabinet sa istasyon ng trabaho na naglalaman ng PHI ay may mga ligtas na lock na nakalagay sa mga ito.

Pinoprotektahan, ina-access, at ginagamit din namin ang data sa lahi/etnisidad, wika, pagkakakilanlan ng kasarian, at sekswal na oryentasyon sa parehong paraan na ginagawa namin para sa PHI. Hindi namin gagamitin ng data sa lahi/etnisidad, wika, pagkilala sa kasarian, at sekswal na orientasyon sa pagtatakda ng mga singil o pagtanggi ng mga serbisyo, coverage, at mga benepisyo.

### *Mga Pagbabago sa Abiso sa mga Gawi sa Pagkapribado*

Kailangan naming panatilihin ang abisong ginagamit namin sa kasalukuyan. May karapatan kaming baguhin ang mga gawi sa pagkapribado na ito. Ang anumang mga pagbabago sa aming mga gawi ay ilalapat sa lahat ng iyong medikal na impormasyon. Kung gagawin namin ang mga pagbabagong hinihingi ng batas, ipapaalam namin sa iyo.

### *Paano Namin Magagamit at Maibabahagi at Impormasyon Tungkol sa Iyo*

Maaari lamang naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para sa paggamot, pagbabayad at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Ang ilan sa impormasyong ginagamit at ibinabahagi namin ay:

- Ang iyong pangalan,

- Address,
- Mga personal na impormasyon,
- Medikal na pangangalagang ipinagkakaloob sa iyo,
- Ang gastos sa iyong medikal na pangangalaga, at
- Ang iyong medikal na kasaysayan.

Kabilang sa ilang pagkilos na ginagawa namin kapag kumikilos kami bilang iyong planong pangkalusugan ay:

- Pagtingin kung ikaw ay saklaw,
- Pag-aapruba, pagkakaloob, at pagbabayad sa mga serbisyo,
- Pag-iimbestiga o pag-uusig ng mga kaso (tulad ng panloloko),
- Pagtingin sa kalidad ng pangangalaga na natatanggap mo,
- Pagtitiyak na nakukuha mo ang lahat ng pangangalagang kailangan mo.

Ang ilang halimbawa ng kung bakit ibabahagi namin ang iyong impormasyon sa ibang kabahagi sa iyong pangangalagang pangkalusugan ay:

- **Para sa paggamot:** Maaaring kinakailangan mo ang medikal na paggamot na kailangang maaprubahan nang maaga. Ibabahagi namin ang impormasyon sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, ospital, at iba pa upang maipagkaloob sa iyo ang pangangalagang kailangan mo.
- **Para sa kabayaran:** Ginagamit namin ang iyong PHI upang bayaran ang mga claim sa pangangalagang pangkalusugan na ipinadala sa amin para sa iyong medikal na pangangalaga. Kapag ginawa namin ito, ibinabahagi namin ang impormasyon sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, klinika, at iba pa na naniningil sa amin para sa iyong pangangalaga. At maaari naming ipadala ang mga singil sa iba pang mga planong pangkalusugan o organisasyon para sa kabayaran.
- **Para sa mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan:** Maaari naming gamitin ang impormasyon sa iyong rekord ng kalusugan upang matingnan ang kalidad ng pangangalagang pangkalusugan na natatanggap mo. Maaari rin naming gamitin ang impormasyong ito sa mga pag-audit, mga programa upang mapigilan ang panloloko at pang-aabuso, pagpaplano at pangkalahatang administrasyon.
- **Para sa mga kasama sa negosyo:** Maaari naming gamitin o isiwalat ang iyong PHI sa isang tagalabas na kumpanya na tumutulong sa amin sa pagpapatakbo sa aming sistemang pangkalusugan.

### *Iba pang mga Paggamit para sa Iyong Impormasyong Pangkalusugan*

Ang sumusunod ay paglalarawan sa iba pang mga posibleng paraan kung saan maaari naming (at kami ay pinahihintulutan) gamitin at/o isiwalat ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan:

- Maaari kaming magbigay ng medikal na impormasyon sa isang ahensyang nangangasiwa sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinahihintulutan ng batas. Maaaring kasama sa mga aktibidad ng pangangasiwa na ito ang mga pag-audit, imbestigasyon, inspeksyon at paglilisensya o mga aksyon ng pagdidisiplina. Kailangan ang mga aktibidad na ito para subaybayan ng pamahalaan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan, programa ng pamahalaan, at pagsunod sa mga batas sa mga karapatang sibil.
- Ikaw o ang iyong doktor, ospital, at ibang provider ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring hindi sumang-ayon kung nagpasya kaming huwag bayaran ang iyong pangangalaga. Maaari naming gamitin ang iyong impormasyong pangkalusugan para repasuhin ang mga desisyong ito.
- Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga grupong tinitingnan kung paano nagkakaloob ng mga serbisyo ang aming planong pangkalusugan.
- Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa mga taong nakikibahagi sa pangangalaga ng iyong kalusugan, o sa iyong mga personal na kinatawan.
- Kailanga naming ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan sa pederal na pamahalaan kapag tinitingnan nito ang kung paano namin tinutugunan ang mga patakaran sa pagkapribado.
- Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga organisasyong kumukuha, ng mga bank o transplant organ o mga donasyong tissue.
- Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan tungkol sakit o pinsalang napapailalim sa kompensasyon ng manggagawa kasunod ng nakasulat na kahilingan ng iyong employer, insurer ng kompensasyon ng manggagawa, o kanilang mga kinatawan.
- Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa mga partikular na uri ng pananaliksik.
- Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon para masuri ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan at mapabuti ang pangangalagang nakasentro sa tao bilang bahagi ng aming pagsusumikap sa ekidad sa kalusugan. Ang mas gusto mong wikang sinasalita at nakasulat ay ibabahagi sa mga grupo ng provider.

- Maaari naming ibigay ang iyong impormasyon para sa mga aktibidad sa pampublikong kalusugan. Maaari kasama ang mga aktibidad na ito ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusnod:
  - » Upang maiwasan o makontrol ang sakit, pinsala, o kapansanan;
  - » Upang maiulat ang mga kapanganakan at kamatayan;
  - » Upang ma-iulat ang pag-aabuso o kapabayaan sa bata;
  - » Upang maiulat ang mga problema sa mga gamot at ibang mga medikal na produkto;
  - » Upang maabisuhan ang mga tao ng tungkol sa mga pag-recall ng mga produkto na maaaring ginagamit nila; at
  - » Upang maabisuhan ang indibidwal na maaaring nahantad sa isang sakit o maaaring nanganganib na makakuha o magkalat ng sakit o kondisyon.

***Kapag Kailangan ang Nakasulat na Pahintulot***

Kung gusto naming gamitin ang iyong impormasyon para sa anumang mga layunin na hindi nakalista sa itaas, kailangan naming makuha ang iyong nakasulat na pahintulot. Kung bibigyan mo kami ng iyong pahintulot, maaari mong bawiin ito sa paraang nakasulat sa anumang oras.

***Ano ang Iyong mga Karapatan sa Pagkapribado?***

May karapatan kang humiling sa amin na huwag gamitin o ibahagi ang protektadong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Hindi kami inaatasang sumang-ayon at maaari kaming hindi sumang-ayon kung maaapektuhan nito ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan.

May karapatan kang humiling sa amin na makipag-ugnayan sa iyo sa paraang nakasulat o sa ibang address, post office box, o sa pamamagitan ng telepono. Tatanggap kami ng mga makatuwirang kahilingan kapag kaya naming ilabas ang impormasyon sa paraang tinukoy mo.

Ikaw at ang iyong personal na kinatawan ay may karapatan na makakuha ng kopya sa iyong impormasyong pangkalusugan. Padadalhan ka ng form na pupunan para ipaalam sa amin kung ano ang gusto mong ipakopya. Maaaring kailanganin mong bayaran ang mga gastos sa pagpapakopya at papapadala sa koreo ng mga rekord. Maaari naming pigilan kayong makita ang ilang bahagi ng iyong rekord para sa mga dahilang pinahihintulutan ng batas.

May karapatan kang humiling na baguhin ang impormasyong nasa iyong mga rekord kung hindi ito tama o kumpleto. Padadalhan ka ng form na pupunan para ipaalam sa amin ang mga pagbabagong gusto mo. Maaaring hindi kami sumang-ayon sa iyong kahilingan kung:

- Ang impormasyon ay hindi nilikha o pinananatili ng SCFHP, o
- Ang impormasyon ay hindi bahagi ng pamantayang pangkat ng impormasyong pinananatili ng SCFHP, o
- Nilikom ang impormasyon para sa kaso sa hukuman o iba pang mga legal na aksyon, o
- Naniniwala kaming ito ay tama at kumpleto.

Ipapaalam namin sa iyo kung sumang-ayon kaming gawin ang mga pagbabagong gusto mo. Kung hindi kami sumang-ayon na gawin ang mga pagbabagong gusto mo, padadalhan ka namin ng sulat na nagpapaliwanag sa iyo kung bakit. Maaari mong hilingin na repasuhin namin ang aming desisyon kung hindi ka sumasang-ayon dito. Maaari ka rin na magpadala ng pahayag na nagsasabi kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa aming mga rekord. Itatabi namin ang iyong pahayag kasama ang iyong mga rekord.

**Mahalaga: Ang Santa Clara Family Health Plan ay walang kumpletong mga kopya ng iyong medikal na rekord. Kung gusto mong tingnan ang, makakuha ng kopya ng, o baguhin ang iyong mga medikal na rekord, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong doktor o klinika.**

Kapag ibinabahagi namin ang iyong impormasyong pangkalusugan, may karapatan kang humiling ng listahan ng:

- Kanino namin ibinahagi ang impormasyon,
- Kailan namin ibinahagi ito,
- Para sa anong mga dahilan, at
- Anong impormasyon ang ibinahagi.

Hindi isasama sa listahang ito ang kung kailan namin ibabahagi ang impormasyon sa iyo, nang may pahintulot mo, o para sa paggamot, kabayaran, o mga pagpapatakbo ng planong pangkalusugan.

May karapatan kang humiling ng naka-print na papel na kopya ng Abiso sa mga Gawi sa Pagkapribado na ito.

Mahahanap mo rin ang abisong ito sa aming website sa **www.scfhp.com.**.

***Paglabag sa Pagkapribado***

Ang paglabag sa seguridad ng sistema ay nangangahulugan ng hindi awtorisadong pagkuha ng computerized na data na nagkokompromiso sa seguridad, kumpidensyalidad, o integridad ng personal na impormasyon ng miyembro na pinapanatili ng SCFHP. Ang may mabuting intensyon na pagkuha ng personal na impormasyon ng miyembro ng isang empleyado o ahente ng SCFHP para sa mga layunin ng SCFHP ay hindi isang paglabag sa seguridad ng sistema, sa kondisyon na ang personal na impormasyon ay hindi ginagamit o napapailalim sa higit pang hindi awtorisadong pagsisiwalat.

Ang personal na impormasyon ay nangangahulugan na ang pangalan, unang inisyal, at apelyido, kasama ang alinman sa isa o higit pa sa mga sumusunod na elemento ng data, kapag ang alinmang pangalan o mga elemento ng data ay hindi naka-encrypt: 1) Numero ng Social Security; 2) numero ng lisensya sa pagmamaneho o numero ng ID card sa California; 3) numero ng credit o debit card, o numero ng account, kasama ang anumang kinakailangang security code, access code, o password na magpapahintulot ng pag-access sa pinansyal na account ng indibidwal; 4) medikal na impormasyon; o 5) impormasyon ng insurance na pangkalusugan. Hindi kasama ang personal na impormasyon ang impormasyon na makukuha ng publiko na pinapahintulutan ng batas na magagamit sa pangkalahatang publiko mula sa mga rekord ng pederal, pang-estado, o lokal na pamahalaan. Ang medikal na impormasyon ay nangangahulugang anumang impormasyon tungkol sa kasaysayang medikal ng miyembro, kondisyong pisikal o ng pag-iisip, o medikal na paggamot o dyagnosis ng propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan. Ang impormasyon sa insurance na pangkalusugan ay nangangahulugang numero ng polisa ng insurance na pangkalusugan o numero ng pagkakakilanlan ng subscriber ng miyembro, anumang katangi-tanging pantukoy na ginagamit ng insurer na pangkalusugan para matukoy ang miyembro, o anumang impormasyon na nasa aplikasyon at kasaysayan ng mga claim ng miyembro, kabilang ang anumang mga rekord ng apela.

Sakaling nakuha ng isang hindi awtorisadong indibidwal ang pribadong impormasyong pangkalusugan ng mga miyembro ng SCFHP, isisiwalat ng SCHFP ang paglabag sa mga apektadong miyembro sa lalong madaling panahon, nang walang makatuwirang pagkaantala, na naaayon sa mga lehitimong pangangailangan ng tagapagpatupad ng batas o anumang mga hakbang na kinakailangan upang malaman ang saklaw ng paglabag at maibalik ang makatuwirang integridad ng sistema ng data.

Ang abiso ng paglabag sa seguridad sa mga miyembro ay isusulat sa payak na wika, at isasama (sa pinakamababa), ang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng miyembro na makatuwirang pinaniniwalaang sumailalim sa paglabag. Kung ang alinman sa mga sumusunod na impormasyon ay posibleng malaman sa panahong ibinigay ang abiso, kailangang isama sa abiso ang: petsa ng paglabag; o tinantiyang petsa ng paglabag; o saklaw ng petsa kung kailan nangyari ang paglabag. Isasama rin sa paunawa ang: petsa ng abiso; kung naantala ang abiso bilang resulta ng

imbestigasyon ng tagapagpatupad ng batas; pangkalahatang paglalarawan sa insidente ng paglabag; at mga walang bayad na numero ng telepono at address ng mga pangunahing ahensyang nag-uulat ng kredito, kung nalantad sa paglabag ang numero ng Social Security, numero ng lisensya sa pagmamaneho, o numero ng ID card sa California. Sa diskresyon ng SCFHP, maaari ring kasama sa abiso ang: impormasyon tungkol sa kung ano ang nagawa ng SCFHP para maprotektahan ang mga miyembro na ang impormasyon ay nilabag; at/o payo sa mga hakbang na maaaring gawin ng miyembro na ang impormasyon ay nilabag para maprotektahan ang kanyang sarili.

Ang abiso ng paglabag sa seguridad ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na pamamaraan: 1) nakasulat na abiso; 2) elektronikong abiso; o 3) panghaliling abiso. Maaaring gamitin ang panghaliling abiso kung maipapakita ng SCFHP na ang gastos sa pagbibigay ng abiso ay lalampas ng dalawang daan at limampung libong dolyar ($250,000), o ang bilang ng mga apektadong miyembrong aabisuhan ay lalampas ng 500,000, o kapag walang sapat na impormasyon sa pakikipag-ugnayan ang SCFHP. Ang panghaliling abiso ay bubuuin ng lahat ng sumusunod: 1) I-email ang abiso kapag ang SCFHP ay may email address para sa apektadong miyembro; 2) kitang-kitang pagpapaskil ng abiso sa website sa internet ng SCFHP; at 3) abiso sa mga pangunahing media sa buong estado at Office of Information Security sa loob ng California Technology Agency.

Kung ang paglabag ay nakakaapekto sa mahigit sa 500 miyembro, ang SCFHP ay magpapadala ng iisang sampol na kopya ng abiso ng paglabag sa seguridad sa Attorney General (hindi kasama ang personal na matutukoy na impormasyon).

ANG MGA PATAKARAN AT PAMAMARAAN SA PAGPAPANATILI NG KUMPIDENSYALIDAD NG MGA MEDIKAL NA REKORD AY MAKUKUHA AT IBIBIGAY SA IYO KAPAG HINILING.

### *Paano Ka Makikipag-ugnayan sa Amin para Magamit ang Iyong mga Karapatan?*

Kung gusto mong gamitin ang alinman sa mga karapatan sa pagkapribadong ipinapaliwanag sa abisong ito, mangyaring tumawag o sumulat sa amin sa:

Compliance and Privacy Officer
Santa Clara Family Health Plan
PO Box 18880
San Jose, CA 95158

Walang bayad: **1-800-260-2055**
Fax: **1-408-874-1970**
TTY/TDD: **711**

### *Mga Reklamo*

Kung naniniwala ka na hindi namin naprotektahan ang iyong pagkapribado at nagnanais na magreklamo, maaari kang magsampa ng reklamo (o hinaing) sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa amin:

Attn: Compliance and Privacy Officer
Santa Clara Family Health Plan
PO Box 18880
San Jose, CA 95158

Walang bayad: **1-800-260-2055**
Fax: **1-408-874-1970**
TTY/TDD: **711**

O maaari kang makipag-ugnayan sa mga ahensya sa ibaba:

Privacy Office Hotline/Office of HIPAA Compliance (OHC)
Telepono: **1-916-445-4646**
Walang bayad: **1-866-866-0602**
Email: **privacyofficer@dhcs.ca.gov**

Attn: Regional Manager
Office for Civil Rights
U.S. Department of Health and Human Services
90 7th St, Ste 4-100
San Francisco, CA 94103
Sentro ng Pagresponde sa Customer: **1-800-368-1019**
Fax: **1-202-619-3818**
TDD: **1-800-537-7697**
Email: **ocrmail@hhs.gov**

### *Gamitin ang Iyong Karapatan nang Walang Takot*

Hindi namin maaaring alisin ang iyong mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan o gawin ang anumang bagay na makakasakit sa iyo sa anumang paraan kung magsasampa ka ng reklamo o gagamitin ang alinman sa mga karapatan sa pagkapribado sa abisong ito.

### *Mga Katanungan*

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa abisong ito at nagnanais ng higit pang impormasyon, mangyaring kontakin ang Opisyal sa Pagkapribado ng SCFHP sa address at numero ng telepono sa itaas. Para makakuha ng kopya ng abisong ito sa iba pang mga wika, braille, malaking print, sa audiocassette o CD-ROM, mangyaring tumawag o sumulat sa Opisyal sa Pagkapribado ng SCFHP sa numero o address na nakalista sa pahina 9.